BEYOND THE SIGNS

FILIPINO **WEEK 7**

# Binuhay ni Jesus si Lazarus

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang huling kompetisyon o laro ang napanood mo? Ano ang nagustuhan mo dito, at ano ang naramdaman mo habang pinapanood mo ito?
- Balikan ang isang pagkakataon na ikaw ay sinorpresa (sa magandang paraan) ng isang mahal mo sa buhay? Ano ang nangyari?
- Naranasan mo na bang makatanggap ng higit pa sa iyong inaasahan? Ikuwento ano ang nangyari.

**WORD**

*[25]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Ako ang bumubuhay sa mga namatay, at ako rin ang nagbibigay ng buhay. Ang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay. [26]Ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?"* **JUAN 11:25,26**

(Basahin din ang **JUAN 11.**)

---

Sa Juan 11, si Jesus ay nakipag-usap kay Martha matapos mamatay ng kapatid niyang si Lazarus. Sinabi ni Jesus kay Martha na Siya ang bumubuhay sa mga namatay, at Siya rin ang nagbibigay ng buhay, at sinumang maniniwala sa Kanya ay hindi mamamatay. Ginawa din Niya ang isa sa mga pinakadakilang himala sa kasaysayan: pinabangon Niya si Lazarus mula sa kamatayan. Sa pamamagitan ng paghahayag na Siya ang bumubuhay sa mga namatay, at Siya rin ang nagbibigay ng buhay, hinayag ni Jesus ang paghamon at katagumpayan Niya sa kamatayan. Sa araling ito, ating titignan kung paano hinamon ni Jesus ang kamatayan, ipinangako ang muling pagkabuhay, at tiniyak ang ating katubusan.

## 1 Kamatayan

*[38]Muling nabagbag ang puso ni Jesus. Kaya pumunta siya sa pinaglibingan kay Lazaro. Isa itong kweba na tinakpan ng isang malaking bato. [39]Pagdating nila roon, sinabi ni Jesus, "Alisin ninyo ang bato." Sumagot si Marta na kapatid ng namatay, "Panginoon, tiyak na nangangamoy na ngayon ang bangkay. Apat na araw na siyang nakalibing."* **JUAN 11:38,39**

Ang kuweba kung saan nilagay ang katawan ni Lazarus ay napakalaki at may bato na nakaharang dito na hindi kayang iurong ng iisang tao lamang, at wala namang nagtatangkang gawin ito. Karaniwan lamang ang kamatayan. Subalit hindi dito nagtapos ang kuwento ni Lazarus. Mayroon itong espirituwal na katulad. Sinasabi sa sulat para sa Mga Taga-Roma na ang *kabayaran ng kasalanan ay kamatayan* (Mga Taga-Roma 6:23). Kamatayan ang dapat nating matanggap dahil sa ating pagkamakasalanan. Nasa kailaliman tayo ng kuweba na hinaharangan ng napakalaking bato na hindi matatanggal. Napakalayo natin sa Diyos dahil sa ating kasalanan. Ito ang nararapat para sa atin. Ano ang sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 3:23 tungkol sa kasalanan at kamatayan?

........................................................................................................

........................................................................................................

## 2 Muling Pagkabuhay

*[43]Pagkasabi niya nito, sumigaw siya, "Lazaro, lumabas ka!" [44]At lumabas nga ang namatay na si Lazaro na nababalot pa ng tela ang mga kamay at paa, at may takip na tela ang mukha. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kalagan ninyo siya at palakarin."* **JUAN 11:43,44**

Si Lazarus, na binawian ng buhay at inilibing sa libingang tinakpan ng isang malaking bato, ay lumabas ng kanyang libingan sa pamamagitan ng isang utos at pagtawag ng kanyang pangalan. Bago tinawag ni Jesus si Lazarus, dalawang beses sinabi sa Bibliya na nabagbag ang Kanyang puso. Maaaring Siya ay nangit-ngit. Nang sinabi ni Jesus na *Ako ang bumubuhay sa mga namatay, at ako rin ang nagbibigay ng buhay,* inihayag Niya ang Kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan. Paano ipinakita ng muling pagkabuhay ni Lazarus ang nais gawin ni Jesus para sa atin? Paano ka Niya iniligtas sa kasalanan at kamatayan?

## 3 Pagtubos

*[50]Hindi ba ninyo naisip na mas mabuting mamatay ang isang tao para sa sambayanan kaysa sa mapahamak ang buong bansa?" [51]Ang sinabing ito ni Caifas ay hindi nanggaling sa sarili lang niya. Bilang punong pari ng taon na iyon, nagpahayag ang Diyos sa pamamagitan niya na mamamatay si Jesus para sa buong bansa. [52]At hindi lang para sa bansa nila . . .* **JUAN 11:50-52**

Kung binuhay muli ni Jesus si Lazarus at ito lamang ang ginawa Niya, muli lamang siyang mamamatay. Subalit ang nais ni Jesus ay ang iligtas ang lahat ng naniniwala sa Kanya. Binayaran Niya ang ating mga kasalanan, namatay Siya bilang kapalit natin, at tinubos Niya tayo. Gaya na pagligtas Niya kay Lazarus mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan, nais Niya ding ibigay ito sa atin. Ano ang ibig sabihin ng makapiling ang Diyos nang walang-hanggan? Paano ka nito binibigyan ng pag-asa?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na si Jesus ang bumubuhay sa mga namatay, na Siya rin ang nagbibigay ng buhay? Paano maaapektuhan ng katotohanang ito ang pamumuhay mo? Ano ang isang bagay na babaguhin mo simula ngayong linggo?
- Ano ang ilan sa mga "bato" sa buhay mo na pumipigil sa iyo upang magkaraoon ng mas malapit na ugnayan kay Jesus? Paano mo maisusuko ngayong araw ang mga batong ito kay Jesus? Paano mo magagawang mas lumago sa relasyon mo sa Kanya araw-araw?
- Paano nabago ng sakripisyo ni Jesus ang buhay mo? Kanino mo magagawang ipangaral ang ebanghelyo ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa handog Niyang buhay na walang haggan kay Jesus. Pasalamatan Siya sa pagtubos at pagligtas sa atin sa pamamagitan ng krus.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang marinig nang mas malinaw ang Kanyang tinig. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na relasyon sa Kanya habang hinahangad mo ang Kanyang presensya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya at pananalangin araw-araw.
- Ipanalangin na maibahagi mo ang katotohanan ng ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph